5

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino

Kwarter 1

Aralin 6

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Filipino 5**
**Kwarter 1: Linggo 6**
**SY 2023-2024**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 *Curriculum* sa *School Year 2023-2024*. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

Manunulat:

- Andilaine R. Tajanlangit (Malinta National High School)

Tagasuri:

- Mercy B. Abuloc (Philippine Normal University - Mindanao)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University Research
Center for Teacher Quality SiMMER
National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**MODELONG BANGHAY-ARALIN**

**FILIPINO, KUWARTER 1, BAITANG 6 (ARALIN 6_ LINGGO 6)**

| ***I.* NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.* Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabularyo (denotasyon, konotasyon, tono, at damdamin) na ginagamit sa pormal at di pormal na mga sitwasyon, lumalagong kaalaman sa mga estrukturang gramatikal, kritikal at lapat na pag-unawa sa tekstong naratibo (tulang pambata, kuwentong katatakutan, maikling kuwento at dulang pambata) at tekstong<br>impormatibo (balita), at umuunlad na kasanayang produktibo sa pagbuo ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing pangkomunidad at pambansa na may kaangkupang kultural (pasalita, pasulat, at biswal) na batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tuwirang balita tungkol sa napapanahong isyu sa komunidad o bansa. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>***1. Nasasagutan ang pormularyo batay sa iba't ibang layon:***<br>*• form (enrolment form)*<br>***2. Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:***<br>*a. konteksto (pambansang pistang opisyal)*<br>***3. Nasusuri ang layon ng teksto –maglahad (proseso).***<br>***4. Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag.***<br>*a. Pandiwa –Pokus (tagaganap/ aktor)*<br>***5. Natutukoy ang mga elemento ng multimedia***<br>*● text (headlines, subtitles at slogans)* |
| **D. Nilalaman** | Ikaanim na Linggo<br>Tekstong Impormatibo<br>pormularyo batay sa iba't ibang layon:<br>• form (enrolment form)<br>KAUGNAY NA PAKSA: |

| | |
|---|---|
| | Wika: Pokus ng Pandiwa (Tagaganap/Aktor)<br><br>TEKSTONG BISWAL:<br>Elemento ng *multimedia*<br>● *text (headlines, subtitles at slogans)* |
| **E. Integrasyon** | Pagpapahalaga sa Edukasyon |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|


- Don Honorio Ventura Technological State University. (2024). *Kontekstwalisasyong Komunikasyon sa Filipino: Impormatibo Lecture Notes*. Nakuha mula sa https://www.studocu.com/ph/document
- SlideShare. (2018). Filipino 6 DLP 7: Pormularyong Pampaaralan (Sagutin) [Slideshare presentation]. Nakuha mula sa https://www.slideshare.net/slideshow/filipino-6-dlp-7-pormularyong-pampaaralan-sagutin-88695012/88695012
- Prezi. (2024). Pagpuno ng Pormuasyong Pampaaralan [Presentation slides]. Nakuha mula sa https://prezi.com/dprtnh64zppv/pagpuno-ng-pormuasyong-pampaaralan/
- League of Women Voters of Worcester. (2022). *What are multimedia presentations?* Nakuha mula sa https://lwvworc.org/tl/what-are-multimedia-presentations
- SlideShare. (2024). Pokus ng Pandiwa: Pinaglalaanan at Kagamitan [PowerPoint slides]. Nakuha mula sa https://www.slideshare.net/slideshow/pokus-ng-pandiwa-pinaglalaanan-at-kagamitanpptx/265364086


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>**TULA-BASA:** Basahin ang tulang Si Inay ni Andilaine R. Tajanlangit.<br><br>**Si Inay** | Balikan ang aralin sa Pokus ng Pandiwa. Ang kahulugan at halimbawa ng Pokus ng Tagaganap/Aktor |

| | | |
|---|---|---|
| | ni: Andilaine R. Tajanlangit<br><br>Si inay ang aking natatanging inspirasyon,<br>lahat ng aking gagawin, hinihingi ang kaniyang opinyon;<br>Kung ako'y **mabigo**, siya ay handang **umalalay** at **tumulong**,<br>At sa aking tagumpay, sa kaniya ko iaalay iyon.<br><br>Handa niyang ibuwis, ang sarili niyang buhay,<br>Lahat ay gagawin para sa kaniyang supling na hirang;<br>Hindi siya **napapagod** sa mga gawaing nakaatang;<br>Iyan ang aking ina, wagas kung **magmahal.**<br><br>**Gabay na mga tanong:**<br>1. Tungkol kanino ang tula?<br>2. Anong mga katangian ang taglay nang inilalarawan sa tula?<br>3. Ano ang pagkakatulad ng iyong ina, sa ina sa tula? | |

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Anong bahagi ng pananalita ang mga salitang initiman sa tula?<br>5. Anong uri ng pokus ng pandiwa ang mga salitang initiman? | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>***KulTULA*: **Pagpapabasa ng tula hinggil sa Pista Opisyal<br><br>**Pista sa 'Pinas**<br>**ni: Andilaine R. Tajanlangit**<br><br>Bahagi na ng ating kultura<br>Ang pagdiriwang ng mga pista,<br>Sa iba't-ibang dako nagmula<br>Bilang pasasalamat sa natamong mga biyaya.<br><br>Nariyan ang Pista ng Itim na Nazareno<br>Tuwing ikasiyam ng Enero;<br>Idinaraos sa Quiapo<br>Na talaga namang dinarayo. | Tiyaking nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag |

| | | |
|---|---|---|
| | Mayroon ding<br>Ati-Atihan<br>Mula naman sa Kalibo,<br>Aklan;<br>Ikalawa hanggang<br>ikatlong linggo<br>Tuwing buwan ng<br>Enero idinaraos ito.<br>Alay sa mahal na Sto.<br>Niňo<br>Ang Sinulog Festival<br>mula sa Cebu;<br>Libo-libong deboto ang<br>dito'y nagtutungo,<br>Tuwing buwan ng<br>Enero.<br><br>Ang Panagbenga<br>Festival ng Baguio<br>Ay idinaraos naman<br>tuwing buwan ng<br>Pebrero;<br>Mga bulaklak na<br>magaganda at<br>mababango<br>Ang tampok sa pistang<br>ito.<br><br>Habang ang Moriones<br>Festival<br>Mula sa Marinduque<br>naman;<br>Mula Lunes Santo<br>ipinagdiriwang<br>hanggang Pasko ng<br>Pagkabuhay. | |

| | | |
|---|---|---|
| | Alay naman kay San Isidro Labrador<br>Ang Pahiyas Festival mula sa Lucban Quezon;<br>tuwing ikalabinlima ng Mayo kada taon<br>at pinakainaabangan ang “kiping” ng mga taga roon.<br><br>Hindi pahuhuli ang Lechon Festival,<br>Tuwing ikadalawampu’t apat ng Hunyo itinatanghal<br>Sa lalawigan ng Batangas, lungsod ng Balayan;<br>Bibihisan at ipaparada ang mga lechon sa buong bayan.<br><br>Ang Pista naman ng Kadayawan<br>Ay mula sa Lungsod ng Davao;<br>Ikatlong linggo ng Agosto ipinagdiriwang<br>Pasasalamat sa kasaganahan.<br><br>Ang Pista ng Peňafrancia<br>Mula naman sa lalawigan ng Naga; | **Susi sa Pagwawasto:**<br>1. nagpunta<br>2. malapit<br>3. lagyan<br>4. namamahala<br>5. saya |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Tuwing ikatlong sabado ng Setyembre isinasagawa<br>At mayroon pang karera ng mga bangka.<br><br>Tuwing buwan ng Oktubre naman<br>Ipinagdiriwang sa Bacolod ang MassKara Festival;<br>Sumisimbolo ng ugali at pagkakakilanlan<br>Bilang lungsod ng mga ngiti ang kanilang lugar.<br><br>Ilan lamang iyan sa ating mga Kapistahan,<br>Nangangahulugang ang ating bansa’y lubhang napakayaman<br>Sa kultura at tradisyon na ipinagdiriwang;<br>Kaya naman nararapat na ipagmalaki’t pahalagahan.<br><br>PISTA-HANAY: Itala ang mga kapistahang nasa tula at kung saan at kailan ito isinasagawa.<br><br><table><tr><th>KAPISTAHAN</th></tr><tr><td></td></tr></table></td>
<td></td>
</tr>
</table>

2. **Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**




**TALAS-SALITA:** Punan ng wastong letra upang mabuo ang kahulugan ng salitang initiman at may salungguhit. Gamitin ito sa makabuluhang pangungusap.

1. Agad silang **nagtungo** sa pila.

( ) ( ) g U ( ) ( ) g U ( ) (A)

2. Sabay na nagpatala ang **matalik** na magkaibigan.

(M) ( ) g U ( ) (P) ( ) (T)


| | | |
|---|---|---|
| | 3. Kailangang **punan** nang datos ang pormularyo.<br><br><br>4. Iniabot nila ang pormularyo sa **nangangasiwa** ng pagpapatala.<br><br><br>5. Nag-uumapaw sa **galak** ang puso ng magkaibigan.<br><br> | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawa at Ikatlong Araw**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Tekstong Impormatibo Pormularyo batay sa iba't ibang layon (enrolment form)**<br><br>**Tekstong Impormatibo**<br><br>- Ang tekstong ito ay isang anyo ng pagpapahayag na naglalayong magpaliwanag at | Pagtalakay sa Tekstong Impormatibo at Pormularyo. |

| | | |
|---|---|---|
| | magbigay ng impormasyon.<br><br>- Kadalasang sinasagot nito ang mga batayang tanong ano, kailan,saan, sino at paano.<br><br>- Pangunahing layunin nito ang magpaliwanag sa mga mambabasa ng anomang paksa na matatagpuan sa tunay na daigdig.<br><br>- Naglalahad ito ng mga kuwento ng mga tunay na tao o nagpapaliwanag ng mga konseptong nakabatay sa mga tunay na pangyayari.<br><br>- Mahalaga ang pagbabasa ng mga tekstong nagbibigay ng impormasyon sapagkat napauunlad nito ang iba pang kasanayang pangwika gaya ng pagbabasa, pagtatala, pagtukoy ng mga mahahalagang detalye at pagpapakahulugan ng impormasyon.<br><br>**Pomularyo** | |

| | | |
|---|---|---|
| | - ito ay binubuo ng mga datos na naglalaman ng mahahalagang impormasyon ng isang tao na sumasagot sa tanong na ano, sino, at kailan.<br><br>**1.** Pagproseso ng Pag-unawa<br><br>**KUWENTO-BASA:** Basahin ang kuwentong pinamagatang Unang Araw sa Paaralan, pagkatapos ay sagutin ang mga tanong na kaugnay sa kuwento.<br><br>**Araw ng Pagpapatala**<br>ni: Andilaine R. Tajanlangit<br><br>Sabik na sabik ang matalik na magkaibigang Arlie at Sheribeth na pumunta sa paaralan kasama ang kanilang mga nanay upang magpatala. Magkaklase sila noong nakaraang taon sa Baitang 4 Pangkat Rosas sa Mababang Paaralan ng Pio Valenzuela. | Ang mga elementong ito ay maaaring gamitin nang magkakasama o hiwalay upang magbigay ng mas malalim na karanasan sa mga gumagamit ng multimedia. Ang tamang |

| | | |
|---|---|---|
| | Nang makarating sila sa paaralan, nakita nila agad ang pila ng mga batang magpapatala kaya't agad silang nagtungo sa pila. Makalipas ang ilang sandali, inabutan sila ng isang pormularyo (enrolment form) na kailangan daw nilang punan ng datos.<br>Agad naman nilang nilagyan ng mga kinakailangang impormasyong hinihingi sa pormularyo. Nagtatanong sila sa kanilang mga nanay kung may hindi sila nauunawaan sa nakasulat sa pormularyo. Nang matapos na sila sa pagsagot ay iniabot na nila ito sa gurong nangangasiwa ng pagpapatala.<br>Pag-uwi nila sa kanilang mga tahanan ay nag-uumapaw ang galak sa puso ng magkaibigan, sapagkat nakapagpatala na sila para sa baitang 5.<br>**Gabay na tanong:** | paggamit ng mga elemento ng multimedia ay makatutulong sa mas epektibong pagpaparating ng impormasyon at mensahe sa mga tagapakinig.<br><br>**Susi sa Pagwawasto:**<br>**1. Jollibee**<br>**2. Bonakid**<br>**3. Mercury Drug**<br>**4. Mcdo**<br>**5. LBC** |

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Sino ang mga tauhan sa kuwento?<br>2. Anong damdamin ang namamayani sa mga tauhan?<br>3. Saan sila pupunta? Bakit sila pupunta roon?<br>4. Kung kayo ang nasa kuwento, anong mararamdaman ninyo sa araw ng pagpapatala?<br>5. Mahalaga ba ang pagpapatala? Pangatwiranan.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**A. Pormularyo ko, Punan mo:** Punan ng datos ang hinihinging impormasyon sa pormularyo. | |



BASIC EDUCATION ENROLLMENT FO

THIS FORM IS NOT FOR SALE.

School Year ☐☐☐☐ - ☐☐☐☐

Grade level to Enroll: ☐☐

Check the appropriate box only

1. With LRN? ☐ Yes ☐ No

INSTRUCTIONS:

*Print legibly all information required in CAPITAL letters. Submit accomplished form to the Person-in-Charge/Regi*

LEARNER INFORMATION

PSA Birth Certificate No. (if available upon registration) ____________

(LRN) Last Name

Birthdate (mm/dd/yyy

First Name

Sex ☐ Male ☐ Female

Middle Name

Belonging to any Indig

☐ Yes ☐ No If Y

Extension Name e.g. Jr., III (if applicable)

Is your family a benefi

*If Yes, write the 4P*

Is the child a Learner with Disability? ☐ Yes ☐ No

If Yes, specify the type of disability:

☐ Visual Impairment
☐ a. blind
☐ b. low vision
☐ Multiple Disorder
☐ Hearing Impairment
☐ Autism Spectrum Disorder
☐ Speech/Language Disorder
☐ Learning Disability
☐ Emotional- Behavio
☐ Cerebral Palsy

Current Address

House No. | Sitio/Street Name

Municipality/City | Province

Permanent Address *Same with your Current Address?* ☐ Yes ☐ No

House No./Street | Street Name

Municipality/City | Province

PARENT'S/GUARDIAN'S INFORMATION

Father's Name


Last Name | First Name | Middle Name

Mother's Maiden Name

Last Name | First Name | Middle Name

Legal Guardian's Name

Last Name | First Name | Middle Name



For Returning Learner (Balik-Aral) and Those Who will

Last Grade Level Completed ______________ Last School Ye

Last School Attended ______________

For Learners in Senior High School

Semester ☐ 1st ☐ 2nd Track ______________

Strand ______________

If school will implement other distance learning modalities aside from face-to-face ins

Choose all that apply:

☐ Modular (Print) ☐ Online ☐ Radio-Bas

☐ Modular (Digital) ☐ Educational Television ☐ Homescho

I hereby certify that the above information given are true and correct o the
Department of Education to use my child's details to create and/or update his/her lear
The information herein shall be treated as confidential in compliance with the Data Pri

______________
Signature Over Printed Name of Parent/Guardian

**B. Ano ang *Multimedia*?**

- Ang multimedia ay tumutukoy sa paggamit ng iba't ibang uri ng mga medium o midya upang maghatid ng impormasyon o mensahe.
- Ito ay isang paraan ng paghahatid ng impormasyon na naglalaman ng iba't ibang elemento tulad ng teksto, larawan, tunog,

| | | |
|---|---|---|
| | video, animasyon, at interaktibong elemento.<br>**Elemento ng Multimedia:**<br>1. **Teksto-** Ang teksto ay nagbibigay ng mga salita o pahayag na naglalaman ng impormasyon o mensahe. Maaaring ito ay mga caption, headline, balita, at iba pa.<br><br>2. **Imahe-** Ito ay mga larawan, larawan na kinetika (animations), mga graphic, at iba pang mga visual na elemento na nagbibigay ng kahulugan sa teksto o nagpapakita ng konsepto.<br><br>3. **Audio-** Ito ay mga tunog, musika, o iba pang mga audio na elemento na maaaring magdagdag ng emosyon o konteksto sa multimedia. Maaari itong magamit para sa pagsasalita, musika sa background, tunog ng mga epekto, at iba pa. | **Susi sa Pagwawasto:**<br>**1.** Pandiwa<br><br>**Susi sa Pagwawasto:**<br>1. Mabigo- AKTOR<br>2. Umalalay- AKTOR<br>3. Tumulong- AKTOR<br>4. Napapagod- AKTOR<br>5. Magmahal- AKTOR<br><br>**Inaasahang Kasagutan:**<br>1. Pumunta<br>2. Magpatala<br>3. Makarating<br>4. Nagtungo<br>5. Inabutan<br>6. Punan<br>7. Nilagyan<br>8. Hinihingi<br>9. Nagtatanong<br>10. Nag-uumapaw |

| | | |
|---|---|---|
| | 4. **Video-** Ang mga video clip o mga animasyon na may tunog at paggalaw ay maaaring bahagi ng multimedia. Ito ay nagbibigay ng dinamismo at karagdagang pagpapaliwanag sa teksto.<br><br>5. **Animasyon-** Ito ay mga nakalilikhang larawan o mga video clip na gumagalaw. Ang mga animasyon ay maaaring gamitin upang ipakita ang proseso o magbigay ng mga halimbawa sa multimedia.<br><br>6. **Interaktibong Elemento-** Ito ay mga elemento na nagbibigay ng pagkakataon sa mga tagapakinig upang makisali o mag-interaksiyon sa multimedia. Halimbawa nito ay mga clickable buttons, mga form, at iba pa.<br><br>***It'SLOGAN*****:** Tukuyin kung anong | |

| | | |
|---|---|---|
| | produkto/establisyimento ang gumagamit ng sumusunod na mga tagline.<br>1. Bida ang Saya<br>2. Batang may laban<br>3. Nakasisigurong gamot ay laging bago<br>4. Love ko to<br>5. Hari ng Padala<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**A. Pangkatang Gawain:** Hatiin ang klase sa dalawang pangkat<br><br>***INFOMERCIAL MO! SHOW MO!:*** Bawat pangkat ay bubuo ng infomercial (Patalastas na nagbibigay impormasyon)<br><br>**Pamantayan sa Pagmamarka:** | |

| | |
|---|---|
| | |
| **Teamwork/ Partisipasyon** | [illegible] |
| **Angkop na Diksiyon sa pagpapahayag** | |
| **Pagkakatugma sa Tema** | |

**Kaugnay na Paksa 2: Pokus ng Pandiwa**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

**Pokus ng Pandiwa**

**-** Tawag sa relasyong pansemantika ng pandiwa o salitang kilos sa simuno o paksa ng pangungusap.

**Pitong (7) uri ng Pokus ng Pandiwa:**

1. **Aktor (Pokus sa tagaganap)**

- ang pandiwa ay nasa pokus sa tagaganap kapag ang paksa ng

| | | |
|---|---|---|
| | pangungusap ang tagaganap ng kilos na isinasaaad sa paksa.<br>- Sa aktor-pokus, ang simuno o paksa ang gumaganap ng kilos sa pangungusap.<br>- Sinasagot nito ang tanong na "sino?"<br>- Ginagamitan ito ng mga panlaping mag-, um-, mang-, ma-, maka-, makapag-, maki-, o magpa-.<br>**Mga Halimbawa:**<br>**Maglilinis** ng bahay si Clarissa sa linggo.<br>**Nagluto** ng adobo si Channon para sa hapunan.<br>2. **Pokus sa Layon**-<br>- ang pandiwa ay nasa pokus sa layon kung ang layon ay ang paksa o ang binibigayang-diin sa pangungusap.<br>- Sa pokus sa layon, ang paksa ang layon ng pandiwa sa pangungusap.<br>- Sumasagot ito sa tanong na "ano?"<br>- Ginagamitan ito ng mga panlaping -in-, -i-, -ipa-, ma-, na-, o -an.<br>**Mga Halimbawa:** | |

| | | |
|---|---|---|
| | **Lutuin** mo ang isda na nasa ref.<br>**Nakita** ni Sarah ang nawawalang libro.<br><br>3. **Lokatibong Pokus (Pokus sa Kaganapan)-**<br>- ang pandiwa ay nasa pokus sa ganapan kung ang paksa ay ang lugar o ganapan ng kilos.<br>- Ang paksa o simuno ang lugar na ginaganapan ng pandiwa sa pangungusap.<br>-Sinasagot nito ang tanong na "saan?"<br>- Ginagamitan ito ng mga panlaping pag-/-an, -an/-han, ma-/-an, pang-/-an, mapag-/-an, pinag/an, o in/an.<br>**Mga Halimbawa:**<br>**Pinagdausan** ng kasal ni Jesther at Melly ang lumang simbahan.<br>**Pinagtaniman** ni William ang bukid ng kanyang tatay.<br><br>4. **Benepaktibong Pokus (Pokus sa Tagatanggap)**- | |

| | | |
|---|---|---|
| | Mula sa pangalan<br>hanggang sa lagda,<br>mahalaga iyon;<br>Siguruhing walang<br>nalampasang kahon<br>Basahing muli ang<br>pormularyo sa<br>ikalawang<br>pagkakataon.<br><br>Kapag natiyak nang<br>nasagutan na ang<br>lahat,<br>At ang mga<br>impormasyo'y<br>isinulat nang tapat;<br>Maaari nang ipasa<br>ang pormularyo sa<br>gurong<br>tagapag-ingat<br>At huwag<br>kalilimutang<br>magpasalamat.<br><br>**Gabay na mga tanong:**<br>1. Tungkol saan ang tula?<br>2. Ano ang mga dapat tandaan sa pagsagot sa pormularyo?<br>3. Paano ang proseso sa pagsagot sa pormularyo?<br>4. Ano ang layon ng tula? | |

| | | |
|---|---|---|
| | 5. Gaano kahalaga ang pagsunod sa tamang proseso? Paliwanag. | |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>*A.* **:** Bumuo ng tekstong impormatibo na may layong maglahad ng proseso na binubuo ng sampu hanggang dalawampung pangungusap na ginagamitan ng mga pandiwang nasa pokus ng aktor/tagaganap.<br>.<br><br>**Pagninilay sa Pagkatuto kaTANGIan:** Ipabasa muli ang tulang Pista sa Pinas ni Andilaine R. Tajanlangit. Itala ang mga katangian ng mga Pilipinong nangingibabaw tuwing Pistang Opisyal. | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | MGA TALA SA GURO |
|---|---|

<table>
<tr>
<td>A. Pagtataya</td>
<td colspan="3">Pagsusulit<br>A. Panuto: isulat sa patlang ang wastong sagot.<br>___1. Ito ay isang anyo ng pagpapahayag na naglalayong magpaliwanag at magbigay ng impormasyon.<br>A. impormatibo B. naratibo C. persweysib<br>___2. Bahagi ng pananalitang nagsasaad ng kilos<br>A. pandiwa B. pang-abay C. pang-uri<br>___3. Tawag sa relasyong pansemantika ng pandiwa o salitang kilos sa simuno o paksa ng pangungusap.<br>A. aspekto B. kaganapan C. pokus<br>___4. Uri ng pokus ng pandiwa kapag ang paksa ng pangungusap ang tagaganap ng kilos na isinasaaad sa paksa.<br>A. Aktor B. kagamitan C. layon<br>___5. Paksa o ang pinag-uusapan sa pangungusap<br>A. panaguri B. pandiwa C. simuno</td>
<td>Susi sa Pagwawasto:<br>A.<br>1. A<br>2. A<br>3. C<br>4. A<br>5. C</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon<br>Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5"></td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.<br><br>Maaaring bigyan ng gabay ang guro sa kung anong bahagi o aspeto ng aralin ang bibigyang pansin para sa mga tala. | | | | |
| **C. Pagninilay**<br>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | |

| | | |
|---|---|---|
| gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. Ilang halimbawang tanong ang makikita sa pangalawang hanay. | | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Andilaine R. Tajanlangit*** | ***Sinuri ni: Mercy B. Abuloc*** |
| ***Institusyon: DepEd- Valenzuela (Malinta NHS)*** | ***Institusyon: Philippine Normal University-Mindanao*** |